

ANG DAHAN-DAHANG PAGPAPAKAMATAY “ANG PANINIGARILYO”

Tagalog



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسطانة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

هاتف: ٤٦٦٠٠٧٧ فاكس: ٤٦٦٠٠٧٧ بريد إلكتروني: ٤٦٦٠٠٧٧@hotmail.com

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & FOREIGNERS GUIDANCE AT SULTANAH

Tel: 4240077 Fax: 4251005 P.O.Box: 92675 Riyadh: 11663 K.S.A. E-mail: sultanah22@hotmail.com

القاتل البطيء "التدخين"

**ANG DAHAN-DAHANG
PAGPAPAKAMATAY**

"ANG PANINIGARILYO"

تأليف و إعداد : دار الوطن

ترجمة

أبو عبد الباري عبد الرحيم بن عبد الرحمن

Inilimbag ng : DARUL WATAN

Isinalin sa Filipino ni :

Abu Abdul Bariy Abdur Rahim bin Abdur Rahman

(ح) المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالدمام ، ١٤٢٨ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالدمام

القاتل البطيء - الدمام ، ١٤٢٨هـ

۳۲ ص ۱۲؛ ۱۷ سم

ردمك : ٩٧٨-٩٩٦٠-٩٩٦٤-٧-٩

(النص باللغة الفلبينية)

١- التدخين ٢- الحلال والحرام أ- العنوان

1528/509.

ديوي ۲۵۹,۳

رقم الايداع: ١٤٢٨/٤٥٩٠

ردمك: ٩٧٨-٩٩٦٠-٩٩٦٤-٧-٩

بسم الله الرحمن الرحيم

"القاتل البطيء" التدخين

**ANG DAHAN DAHANG
PAGPAPAKAMATAY**

ANG PANINIGARILYO.

Ang pasasalamat at papuri ay sa Kanya na nagpahintulot sa atin ng mabubuti, at nagbawal sa atin ng masasama. Ang kapayapaan at pangangalaga nawa ay mapasa ating Propeta na si Muhammad ﷺ sa kanyang pamilya, at mga kasamahan at sa lahat ng sumusunod sa tuwid na gabay hanggang sa huling araw.

Tunay na pinagbawalan ni Allah ang kanyang mga aliping mananampalataya sa lahat ng makapipinsala sa kanilang katawan, at makapagpapabawas sa kanilang pananampalataya at makapagpapawalang-saysay sa kanilang mga gawa, mula sa lahat ng nakalalasing at nakapagpapawalang-tino sa kaisipan, bilang pag-

lingat sa kanilang kalusugan at pagsisikap na mapangalagaan ang kanilang kaligtasan.

Sinabi ni Allah :

{ وَيُحِلُّ لَهُمُ الطَّيِّبَاتِ وَيُحَرِّمُ عَلَيْهِمُ الْخَبَائِثَ { الأعراف : ١٥٧.

{At ipinahihintulot Niya sa kanila ang mga (tayyibaat) nakabubuti at ipinagbabawal niya sa kanila ang mga (khabaaith) nakasasama } Al-'Araf : 157.

Ang mga (Khabaaith) nakasasama : ay ang lahat ng kinasusuklaman at itinuturing na marumi ng sarili, ang paggamit nito ay magdudulot ng pinsala at karamdaman. At ang hatol na panrelihiyon sa anumang nakapipinsala ay ipinagbabawal.

Kabilang sa mga nakasasamang ito ay ang **SIGARILYO** na mula sa tabako na nagtataglay ng nikotino, tar at iba pang mapaminsalang kemikal. Ang masakit dito ay katotohanang bumagsak sa pagsubok na ito ang marami sa mga kapatid nating Muslim bata man o matanda lalaki man o babae. At karamihan sa kanila ay wala nang hiyang hinihitit ito sa harapan ng mga tao, hindi

na nahiya sa mga tao at hindi na rin alam kung paano ang mahiya kay Allah. Wala silang pakialam sa damdamin ng iba na hindi naninigarilyo, hindi na nila iginagalang at inirerespeto ang karapatan ng iba.

Inakala pa nga ng iba na ito ay pangkaraniwang ipinahihintulot lang na tulad ng pangkaraniwang pagkain at inumin. Ito ay malinaw na pagpapamalas ng malaking kamangmangan nila sa kanilang relihiyon, at kamangmangan nila sa mga bagay na makapagdudulot sa kanila ng kapinsalaan. Sa halip, ang iba pa nga lalo na ang mga kabataan ay inaakala na ang paninigarilyo ay sagisag ng tunay na pagkalalaki at pagsulong. Kaya't ang sigarilyo ay lagi niyang kasama gabi man o araw saan man siya mapatungo at anuman ang maging kalagayan. Sila daw ay hindi na nakatatagpo ng kasarapan at kaligayahan – ayon sa pag-aakala nila – liban na lamang sa paghitit ng salot na sigarilyo na iyon.

ANG MGA SAKIT NA DULOT NG PANINIGARILYO

Kapatid na Naninigarilyo :

Tunay na ang mga tao ay labis na kinatatakutan ang sakit na cancer at nayayanig ang kanilang mga kalamnan kapag binabanggit ito sa sobrang takot at pangamba nila mula dito. Samantalang ikaw ay itinutulak mo pa ang sarili mo sa bangin ng kamatayang ito, at inilalapit mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng mabilis na paghakbang patungo dito. Tama ba ang gawaing iyon mula sa mga taong may matinong pag-iisip?

Tunay na sinabi ni Allah :

{ وَلَا تُلْقُوا بِأَيْدِيكُمْ إِلَى التَّهْلُكَةِ { البقرة : ١٩٥

{At huwag ninyong ihagis sa pamamagitan ng mga kamay ninyo ang mga sarili ninyo sa pagkawasak }. Al-Baqarah : 195.

Tunay na ang paninigarilyo ay nagdudulot ng napakarami at mapanganib na mga uri ng sakit, sapagkat ito ay nagdudulot ng pinsala sa bibig at ngipin. Pagkakaroon ng mabahong hininga at pangingitim ng mga labi. Nagdudulot din ang paninigarilyo ng paninikip ng dibdib at hirap sa

paghinga. Binabarahan din nito ang daluyan ng dugo, nagdudulot din ito ng matinding pag-ubo at tuberculosis. Panghihina at pagbagsak ng katawan at pagbaba ng timbang. Nagdudulot din ito ng matindi at madalas na pagsakit ng ulo at higit sa lahat ay biglaang pagkamatay. Sinisira nito ang paningin at nagdudulot ng ulcer at hindi pagkatulog. Pinipinsala din nito ang bahagi ng katawan na ginagamit sa pag-ihi, ang kidney o bato at бага. Marami ring sakit na idinudulot ito sa ilong at lalamunan at iba pang mga sakit na hindi mabilang. Ito ay ayon sa pag-aaral at pagsasaliksik na inilathala at ipinamahagi ng mga manggagamot at mga dalubhasa.

PAG-AAKSAYA NG PERA

Tunay na 'ang pagbili ng sigarilyo ay maituturing na pag-aaksaya sa pera ng walang makukuhang kabutihan. Sa halip ito ay pagbili ng lason na wawasak sa sarili ng bumibili nito at sa iba. Tunay na ipinagbawal ni Allah ang pag-aaksaya at kanyang sinabi :

{إِنَّ الْمُبْتَرِينَ كَانُوا إِخْوَانَ الشَّيَاطِينِ وَكَانَ الشَّيْطَانُ لِرَبِّهِ كَفُورًا}
الإسراء : ٢٧

{Tunay na ang mga mapag-aksaya ay dati nang kapatid ng mga demonyo at noon pa man ang demonyo sa Panginoon niya ay walang pananampalataya} Al-Isra' : 27.

Kung hindi lang na ang paninigarilyo ay walang iba kundi ang pakikipagkapatiran at paggaya ng mapag-aksaya sa demonyo, ito na sana ay maituturing na pinakapangit na kasalanan.
At sinabi ng Sugo ni Allah ﷻ :

[إِنْ رَجَالًا يَتَخَوِّضُونَ فِي مَالِ اللَّهِ بِغَيْرِ حَقٍّ فَلَهُمْ النَّارُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ]
رواه البخاري

[Tunay na may mga kalalakihan na (pinanghihimasukan) ginagastos ang yaman ni Allah ng hindi makatarungan, para sa kanila ang apoy sa araw ng pagbabangong-muli]. Isinalaysay ni Al-Bukhariy.

At ang pagbili ng sigarilyo ay paglustay sa pera at pagwasak dito nang hindi makatarungan.

Tunay na kung may isang tao at nakasanayan niya halimbawa na magpunit araw-araw ng (3) tatlong Riyal mula sa pera niya at ayon sa kanya ay ikinatutuwa niya ang gawaing iyon at nasasarapan siya sa ganoong gawain ay tunay namang sasabihin ng mga tao na siya ay nasisiraan ng bait at kailangang magamot. Papaano pa kaya sa isang tao na sinusunog ang katulad niyon o mas marami pa araw-araw sa pamamagitan ng pagbili niya ng sigarilyo at pagpapakasarp niya doon na kung saan ay doon magmumula ang kanyang pagkawasak ay tunay ngang pinagsama ng maninigarilyong iyon ang dalawang kasalanan. Una ay ang pagsasayang ng pera, pangalawa ay ang pagpinsala niya sa sarili niya mismo.

Kaya't alin sa kanila ang mas dapat sisihin at mas nakahihiya? Maaaring ang iba ay magbale wala sa halaga na kanilang ginagastos sa pagbili ng sigarilyo at hindi nila iyon itinuturing na kabilang sa pag-aaksaya. Sapagkat sa paningin niya ay maliit na halaga lamang iyon at walang kabawasan na anuman. Subalit tingnan at pag-aralan natin ang pagsusuri na ito upang malaman natin kung gaano kalaki ang nilulustay na pera ng

naninigarilyo sa pagbili ng mapanganib na lasong ito?

Ang isang naninigarilyo sa loob ng (20) dalawampung taon halimbawa kung siya ay nakauubos ng (40) apatnapung stick araw-araw ay gumugugol siya ng mahigit sa (57) limampung pitong libong Riyal. At kung ang naninigarilyo ay nakauubos ng (60) stick ng sigarilyo araw-araw alam ba ninyo na siya sa loob ng dalawampung taon ay nakagagastos ng mahigit sa (86,000) walumput anim na libong Riyal. Pagkatapos noon ay ilang oras ang nauubos at nasasayang sa paghitit ng sigarilyong iyon? Kung halimbawang ang bawat isang stick ng sigarilyo ay nauubos sa loob ng limang minuto, katotohanang ang (40) apatnapung stick ng sigarilyo ay mauubos sa loob (200) dalawang daang minuto na halos mahigit sa tatlong oras araw-araw na inilalaan ng naninigarilyo sa pagsuway at paggawa ng kasalanan laban kay Allah. Kaya't ano pa bang krimen o kasalanan ang mas malaki sa krimen na ito na talaga namang sumisira sa pananampalataya, yaman, oras at kalusugan?

MGA BATAYAN SA PAGBABAWAL NG PANINIGARILYO

Tunay na ang ilang naninigarilyo ay maaaring hindi alam ang batas sa paninigarilyo, o maaaring nililinlang sila ng demonyo, o maaaring ipinakita sa kanya ang iba't-ibang kasinungalingan at mga uri ng pag-aalinlangan na maglalagay sa kanya sa pag-aakala na ang paninigarilyo ay hindi ipinagbabawal o walang natatamong kasalanan ang sinumang humihitit nito.

Para sa lahat ng naninigarilyo na nagnanais ng makatotohanang salita sa batas ng paninigarilyo at paggamit nito ay ilalahad namin sa iyo ang mga katibayan mula sa Qur'an at Sunnah. Sinabi ni Allah :

{ وَيَحِلُّ لَهُمُ الطَّيِّبَاتِ وَيُحَرَّمُ عَلَيْهِمُ الْخَبَائِثُ } الأعراف : ١٥٧.

{At ipinahihintulot Niya sa kanila ang mga (tayyibaat) nakabubuti at ipinagbabawal niya sa kanila ang mga (khabaaith) nakasasama } Al-'Araf : 157. Walang pag-aalinlangan na ang sigarilyo ay kabilang sa mga nakasasama.

{ وَلَا تَلْفُوا بِأَيْدِيكُمْ إِلَى الْتَهْلُكَةِ { البقرة : ١٩٥

{At huwag ninyong ihagis sa pamamagitan ng mga kamay ninyo ang mga sarili ninyo sa pagkawasak }. Al-Baqarah : 195.

At ang paninigarilyo ay walang pagdududa na magdudulot ng mga sakit na nakamamatay.

{ وَلَا تَقْتُلُوا أَنْفُسَكُمْ إِنَّ اللَّهَ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًا { النساء : ٢٩

{Huwag ninyong patayin ang mga sarili ninyo tunay na si Allah sa inyo ay laging maawain} An-Nisaa : 29. Ang paninigarilyo ay unti-unting pagpatay sa sarili.

{ وَلَا تُبْذِرْ تَبْذِيرًا { الإسراء : ٢٦

{At huwag kang magwaldas ng pagwawaldas} Al-Isra' : 26. Ang paninigarilyo ay pag-aaksaya at pagwawaldas sa pera.

Sinabi ng Sugo ni Allah ﷻ :

[لا ضرر و لا ضرار] رواه احمد و ابن ماجه

[Walang pinsala at walang mamiminsala].

Isinalaysay ni Imam Ahmad at Ibn Majah.

At ang paninigarilyo ay nakapipinsala sa gumagamit nito at sa kanyang asawa at mga anak at sa sinumang nakikiupo sa kanya na hindi naninigarilyo.

Sinabi pa ng Sugo ni Allah ﷻ :

[من آذى مسلماً فقد آذاني، و من آذاني فقد آذى الله] رواه أحمد و الطبراني

[Sinuman ang maminsala sa isang Muslim ay tunay na pininsala niya ako at sinuman ang maminsala sa akin ay tunay na pininsala niya si Allah]. Isinalaysay ni Iman Ahmad at At-Tabaraaniy.

Ang paninigarilyo ay nagdudulot ng pinsala sa kapit-bahay, sa kaumpukan, sa mga nagdarasal, at sa mga Anghel na tagapagtala.

Ang lahat ng mga katibayang ito ay nagbibigay linaw na ipinagbabawal ang paggamit ng sigarilyo o ang pagbibili nito at walang tatanggi dito maliban lamang sa makukulit at matitigas ang ulo.

Mahal na kapatid :

Ikaw na bumagsak sa pagsubok na ito na paghitit ng sigarilyo, gusto mo pa ba ng mas maraming katibayan mula sa mga batayan na ito na nagbabawal sa paninigarilyo? Nararapat ba sa iyo aking kapatid na Muslim matapos na marinig mo ang mga batas na pangrelihiyon mula sa Qur'an at Sunnah pati na rin ang matinong pag-iisip na hihititin mo ang kasuklam-suklam na sigarilyong iyon?

Hindi ba itinuturing na kababaan - **marangal kong kapatid** - na ikaw ay maging alipin ng pangit na kaugaliang ito at ilagay kang bihag niya tulad ng pang-aalipin nito sa milyong-milyong tao na kanilang inaakala na ang paninigarilyo ay sagisag ng pagsulong, sa makabagong sibilisasyon, at ng pagiging isang tunay na lalaki. Subalit sa katotohanan ito ay pagsuway kay Allah at sa Sugo niya at sagisag ng kahinaan ng pagnanais at pagsulong sa isang bagay na batid ang pinsalang dulot nito.

PAALALA

Tunay na kabilang sa karapat-dapat na pagsamba na iaalay mo kay Allah ay ang sundin mo Siya at huwag mo Siyang suwayin. At na pasalamatan mo Siya at huwag mo Siyang itakwil, at na alalahanin mo Siya at huwag Siyang kalimutan. At na dapat mong malaman na Siya ay hindi ka uutusan liban lamang sa ikabubuti mo at ikatatagumpay mo. At hindi ka Niya pagbabawalan liban na lamang na ito ay magdudulot ng kasawian para sa iyo at magdudulot ng masamang kahihinatnan mo sa buhay na ito at doon sa kabila. At ang paninigarilyo ay walang pag-aalinlangan na kabilang sa ipinagbabawal ni Allah at inutusan ka Niya na layuan ito kaya't layuan mo ito. At ilagay mo ito na pagpapakita mo ng pagiging makatotohanan sa pagsamba mo kay Allah.

Sandali!!! Oh ikaw na naninigarilyo :

Alam mo ba na ikaw ay mananagot o tatanungin sa pera mo kung saan mo ito kinuha? At saan mo ito ginugol o ginastos? .

• At ikaw ay mananagot o tatanungin sa edad mo kung saan mo ito ginugol? At sa kabataan mo kung saan mo ito sinayang? Kaya't maghanda ka sa tanong na iyon kung ano ang iyong isasagot at sa iyong isasagot ay nararapat na tama. Kaya't samantalain mo ang kalusugan mo bago dumating ang karamdaman mo, at ang kayamanan mo bago dumating ang kahirapan mo, at ang buhay mo bago dumating ang kamatayan mo.

Tunay na sinabi ng Propeta ﷺ :

[لا تزول قدما عبد يوم القيامة حتى يسأل عن خمس : عن عمره فيم أفناه؟ و عن شبابه فيم أبلاه؟ و عن ماله من أين اكتسبه و فيم أنفقته؟ و ماذا عمل فيما علم؟] رواه الترمذي

[Hindi gagalaw ang dalawang paa ng alipin sa araw ng paghuhukom hanggang sa tanungin siya sa limang bagay : Sa kanyang edad kung saan niya ito ginugol? Sa kanyang kabataan kung saan niya ito sinayang? At sa pera niya kung saan niya ito kinuha at saan niya ito ginugol o ginastos? At kung ano ang

ginawa niya sa kanyang natutunan?] Isinalaysay ni At-Tirmidhiy.

At mula kay Ibn Abbas ؓ mula sa Propeta ﷺ na siya ay nagsabi :

[اغتتم خمسا قبل خمس : شبابك قبل هرمك، و صحتك قبل سقمك، و غناك قبل فقرك، و فراغك قبل شغلك، و حياتك قبل موتك] رواه الحاكم و البيهقي

[Samantalahin ninyo ang limang ito bago dumating ang limang iyon : Ang iyong kabataan bago dumating ang iyong katandaan, ang iyong kalusugan bago dumating ang iyong karamdaman, ang iyong yaman bago dumating ang kadalitaan, ang iyong panahong walang ginagawa bago dumating ang iyong pagkakaabalahan, at ang iyong buhay bago dumating ang iyong kamatayan]. Isinalaysay ni Al-Haakim at Al-Bayhaqi.

Aking kapatid :

Ang mga tao ay gumagastos ng marami upang makabili ng pabango na nagtataglay ng amoy na humahalimuyak upang akitin sila at ipasok sa mga puso nila ang saya. Samantalang ikaw - igabay ka

nawa ni Allah - sa paninigarilyo ay walang idinudulot mula sa iyo maliban sa amoy na hindi kaaya-aya na magdudulot ng paglayo sa iyo ng mga tao at ang hindi pag-upo malapit sa iyo.

Tunay na ang mga matalinong tao ay nagsisikap upang maging mataas at maging marangal nang sa gayon ay tularan sila ng iba. Samantalang ikaw sa paninigarilyo ay ibinababa mo ang iyong sarili sa kaila-ilaliman. Ginagawa mo ang sarili mo na huwaran sa hindi kagandahan para sa iba na hindi naninigarilyo. At maaaring maimpluwensiyahan mo pa ang mga maliliit na bata at iba pa. Kaya't ang paninigarilyo ay pintuan sa kasamaan na kapag nabuksan, ay mabubuksan pagkatapos noon ang iba pang kasamaan na walang nakaaalam ng kahihinatnan kundi si Allah.

Kapatid Kong Naninigarilyo Mag-ingat ka! :

Tunay na ang matalinong tao ay siyang nakababatid kung saan siya tatayo sa buhay na ito sa daigdig. Sapagkat ang buhay ay sadyang napakaiksi kahit gaano pa man kahaba, at ang

kamatayan ay darating nang walang pag-aalinlangan. Tunay na ang kalusugan mo at buhay mo pati na rin ang yaman mo ay ipinagkatiwala sa iyo ni Allah. At hindi ipinahihintulot sa iyo ang pagpapabaya dito. Kaya't pag-ingatan mo ito at pagpalain ka nawa ni Allah at gumising ka sa kapabayaang mo. Ipahayag mo na ang pagbabalik-loob mo at humingi ka ng tulong kay Allah sapagkat sinabi ng Propeta ﷺ :

[إن الله جعل للتوبة باباً من قبل المغرب عرضه أربعون سنة، لا يغلقه حتى تطلع الشمس من مغربها] وراه احمد و الترمذي

[Tunay na si Allah ay naglagay sa tawbah (paghingi ng kapatawaran) ng pintuan sa gawing kanluran na ang lapad nito ay apatnapung taon, hindi isasara iyon hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran]. Isinalaysay ni Ahmad at At-Tirmidhiy.

Kung tunay na ikaw ay makatotohanan na iiwanan mo na ang paninigarilyo ay huwag ka nang mag-alinlangan pa, at dapat ay maging matatag ang paninindigan mo at madalian. Sapagkat ang tuluyan at madaliang pagtigil ay

pinakamabisang paraan tulad ng nasubukan na ng marami na dating naninigarilyo at ngayon ay iniwan na nila ang gawaing iyon. Samantalang ang pag-aalinlangan at pagpapaliban sa paghingi ng tawad ay pintuan sa mga pintuan ni Satanas.

Tunay na ang pagnanais – **mahal kong kapatid** – ito ang sikreto ng tagumpay sa buhay na ito. At ito ay sagisag ng mga dakilang tao na kapag nagnais ng anumang bagay ay walang nakapipigil sa kanila na anuman, sa halip ay tinatahak nila patungo doon ang lahat ng pamamaraan, at dinadanas nila ang lahat ng hirap. Kaya't dapat sa iyo ay ang malakas pagnanais at mataas na pagpapahalaga. At takasan mo na ang pagsubok na iyan bago pa ikaw ang matakasan niya. At maging masigasig ka sa paglayo sa mga taong laging magpapa-alala sa iyo ng sigarilyo nang sa gayon ay hindi humina ang sarili mo sa pagharap dito na pagkatapos ay magbabalik ka sa dati mong maling nakaugalian.

PAGDUDUDA AT MGA KATWIRANG HINDI KATANGGAP-TANGGAP

Inaakala at sinasabi ng iba na marami naman daw mga taong naninigarilyo at nabuhay sila ng mahaba na hindi sila napipinsala ng sigarilyo. Sasabihin natin sa kanila : Kung hindi napinsala ng sigarilyo ang mga katawan nila, tunay na napinsala ang mga yaman nila, pag-uugali nila, relihiyon nila at lipunan. At tunay na maaaring hindi lumabas ang pinsala nito maliban na lamang pagkatapos ng ilang panahon tulad ng nasasaksihan natin sa mga taong matagal ng naninigarilyo. Nagka-isa rin ang mga manggagamot na ang sigarilyo ay nagdudulot ng pinsala sa kalusugan. Pagkatapos ay sasabihin natin sa mga taong naninigarilyo : Malulugod ka ba kung' ang anak mo ay maninigarilyo? Papayuhan mo ba siya na gawin iyon o bibigyan mo siya ng babala mula dito? At kung bibigyan mo siya ng babala mula dito ay ano ang sasabihin mo sa kanya?

Sinasabi ng ilang naninigarilyo na hindi daw nila kayang iwanan ang paninigarilyo. Sasabihin natin sa kanila : Tunay na ang tao ay makakayanan na

pagbawalan ang sarili ng pagkain o inumin sa loob ng ilang araw. Subalit bakit hindi nila mapagbawalan ang sarili nila sa paninigarilyo, samantalang ito ay hindi naman pagkain na makatatawid ng gutom, hindi din tubig na makapapatid ng uhaw, lalong hindi din naman gamot na lulunas sa karamdaman kaya't bakit ka naninigarilyo ???

Mahal Kong Kapatid :

Tunay na ang bagay na ito ay nangangailangan ng makatotohanang paghinto kasama ng sarili na maglilimita sa kanyang katayuan kaagapay ng mga kautusan at pagbabawal ni Allah. Ang kanyang magiging katayuan ba ay pagtanggap at pagpapatupad at pagsuko at pagsunod? O ang kanyang magiging katayuan ay pag-aalinlangan at hindi pagsunod sa batas ni Allah?

Nararapat na magkaroon ng malinaw na katayuan kasama ng sarili sa bagay na ito hanggang sa makabalik siya sa Panginoon niya. Tunay na sinabi ni Allah :

{فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي
 أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا} النساء : ٦٥

{Kaya hindi nga, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya maliban kung pinahahatol ka nila sa anumang pinagkahidwaan sa pagitan nila pagkatapos ay hindi anumang pagtutol sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang tunay na pagpapasakop} An-Nisaa' : 65.

At sinabi pa ni Allah :

{وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ وَلَا لِمُؤْمِنَةٍ إِذَا قَضَىٰ اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَمْرًا أَنْ يَكُونَ لَهُمُ
 الْخِيَرَةُ مِنْ أَمْرِهِمْ} الأحزاب : ٣٦.

{Hindi dapat para sa lalaking sumasampalataya ni sa babaeng sumasampalataya, kapag nagtakda si Allah at ang Sugo Niya ng isang bagay, na magkakaroon pa sila ng pagpipilian sa pagpapasya nila} Al-Ahzab : 36.

Sinabi ng Sugo ni Allah ﷻ :

[لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّىٰ يَكُونَ هُوَ تَابِعًا لِمَا جُنْتُ بِهِ]

[Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo hanggang sa ang kanyang mga pagnanasa ay susunod sa anumang dinala ko].

At kapag nanatili ang mga katotohanang ito sa sarili ng isang mananampalataya magiging madali para sa kanya na iwanan ang anumang bagay para sa ikalulugod ng kanilang tagapaglikha. Noon ang ilan sa mga Sahabah (Mapasakanila nawa ang lugod ni Allah) ay laging lango sa nakalalasing na alak, subalit nang ipababa ang mga talata na ipinagbabawal ang pag-inom nito ay madalian nilang inihinto iyon ng walang anumang mga katwiran na hindi nila kayang iwanan iyon sa halip ay sinabi nila : Tapos na kami, tapos na kami.

PAALALA PARA SA MGA HINDI NANINIGARILYO

Marangal kong kapatid na hindi naninigarilyo :

Pasalamatan at purihin mo si Allah na iniligtas ka at hindi ka niya sinubukan sa ganitong uri ng pangit na kaugalian, at ng lasong ito na nakawawasak.

Pagkatapos ay dapat mong malaman na ang pinsalang dulot ng paninigarilyo ay hindi lamang sa mga naninigarilyo, sa halip ay nadadamay din ang iba pa na kung saan may ginawang mga pag-aaral na ang pag-upo sa tabi ng isang naninigarilyo sa loob ng apat na oras araw-araw sa silid na mayroong naninigarilyo ay katumbas ng paninigarilyo ng sampung stick ng sigarilyo.

At dahil dito tunay na ang mga hindi naninigarilyo ay nahaharap din sa panganib na kinakaharap ng mga taong naninigarilyo. At karagdagan pa dito na sinumang nakikiupo sa isang naninigarilyo at siya ay hindi naninigarilyo tunay na siya ay nagkakasala sa pamamagitan ng pag-upo niya kasama ng naninigarilyo kung hindi niya pagbabawalan o iiwanan ang umpukan na

iyon kung hindi titigil ang ninigarilyo sa paninigarilyo sapagkat iyon ay maituturing na pagkalugod sa gawaing masama at ang hindi pagbabawal dito.

Kaya nga nararapat sa mga hindi naninigarilyo na mag-ingat dito at na hindi nila pahihintulutan sa sinuman na manigarilyo sa piling nila para sa ikabubuti nila unang-una at para sa ikabubuti ng naninigarilyo ikalawa. Nang sa gayon ay maging tulong iyon sa kanya na iwanan iyon at ang pagbbalik-loob kay Allah. Kung magtutulong-tulong lang ang lahat ay tunay na mababawasan ang naninigarilyo at hindi na magkakalat ang mga sigarilyo sa mga umpukan natin at mga kalsada natin, at mga tanggapan natin at na mapapahinga ang lahat sa masama at pinsala na dulot nito.

PAALALA SA MGA NAGTITINDA NG SIGARILYO

Kapatid na nagtitinda ng sigarilyo :

Kapag naging malinaw na ang paninigarilyo ay ipinagbabawal tulad ng malinaw na inihayag na mga batayan tunay na ang pagtitinda nito

ay ipinagbabawal din. Sapagkat si Allah kapag nagbawal ng anuman ay nagbabawal din na ipagbili iyon. Kaya't ingatan mo pagpalain ka nawa ni Allah na hindi makapagtinda ng sigarilyo sa tindahan mo, sapagkat ito ay maituturing na pagtutulungan sa paggawa ng kasalanan na ipinagbawal ni Allah sa sinabi Niya :

{ وَتَعَاوَنُوا عَلَى الْبِرِّ وَالتَّقْوَىٰ وَلَا تَعَاوَنُوا عَلَى الْإِثْمِ وَالْعُدْوَانِ { المائدة : ٢

{Magtulungan kayo sa kabutihan at pagkatakot at huwag kayong magtulungan sa paggawa ng kasalanan at kasamaan } Al-Maidah : 2.

Sapagkat tunay na ang kinikita sa pagbibili ng sigarilyo ay ipinagbabawal, illegal at walang kabutihan dito, at maging dahilan sa pagpasok sa impiyerno, sinabi ng Sugo ni Allah ۞ :

[لا يدخل الجنة لحم نبت من السحت، و كل جسد نبت من السحت
فالنار أولى به]. رواه احمد

[Hindi papasok sa paraiso ang laman na tumubo (nabuhay) mula sa ipinagbabawal, at lahat ng katawan na tumubo (nabuhay)

mula sa ipinagbabawal ay mas may karapatan ang apoy dito]. Isinalaysay ni Ahmad.

Gayundin ang perang nagmula sa haram (ipinagbabawal) ay isa sa mga dahilan upang hindi tanggapin ang kawang-gawa at panalangin ayon sa sinabi ng Sugo ni Allah ﷻ :

[إِنْ اللَّهُ طَيِّبٌ لَا يَقْبَلُ إِلَّا طَيِّبًا] رواه مسلم

[Tunay na si Allah ay mabuti wala siyang tinatanggap kundi mabuti lang]. Isinalaysay ni Muslim.

Nararapat sa iyo kapatid ko na malakas ang pananampalataya mo kay Allah, malakas ang pagtitiwala mo sa kanya. Kaya't huwag mong pahintulutan na ipagbili ang sigarilyo sa iyong tindahan at makasisiguro ka na ang kinikita mo ay hindi maaapektuhan kung aalisin mo ito sa kapahintulutan ni Allah sapagkat sinabi ni Allah :

{ وَمَنْ يَتَّقِ اللَّهَ يَجْعَلْ لَهُ مَخْرَجًا ۖ وَيَرْزُقْهُ مِنْ حَيْثُ لَا يَحْتَسِبُ }
الطلاق : ٢-٣

{At sinuman ang matakot kay Allah ay nilalagyan Niya sa kanya ng daan palabas

(pinadadali niya ang lahat ng bagay). At binibiyayaan Niya siya ng hindi niya alam kung saan nagmumula} At-Talaq : 2-3.

At sinabi ng Propeta ﷺ :

[من ترك شيئاً لله عوضه الله خيراً منه]

[Sinuman ang mag-iwan ng anuman para kay Allah ay papalitan iyon ni Allah ng mas mabuti doon].

At magtiwala ka na si Allah ay hindi maaaring hindi tumupad sa pangako niya .kailanman sa sinumang naging makatotohanan sa kanya.

At dapat malaman na ang perang halal (galing sa mabuti) kahit pa nga ito ay kakaunti lamang ito ay mas mabuti sa perang haram (galing sa masama) at mas malaki ang biyaya nito at kapakinabangan nito ayon sa sinabi ni Allah :

{ قُلْ لَا يَسْتَوِي الْخَبِيثُ وَالطَّيِّبُ وَلَوْ أَعْجَبَكَ كَثْرَةُ الْخَبِيثِ { المائدة : ١٠٠ }

{Sabihin mo (Oh Muhammad) hindi maaaring magkatulad ang masama at

mabuti kahit pa nga naaakit ka ng maraming kasamaan} Al-Maidah : 100.

Marangal kong kapatid :

Tunay na ang naninigarilyo ay pinapasan ang kasalanan niya lamang. Samantalang ang nagtitinda ng sigarilyo, ay papasanin niya ang lahat ng kasalanan ng lahat ng bibili sa kanya ng sigarilyo. Tingnan mo kung ilan mula sa libo-libo na ikaw ang naging dahilan sa pagkakasala nila, at magpapasan ng kasalanan nila, at pinsala nila. Kaya mo bang pasanin ang lahat ng iyon? Talaga bang nanghina na ang iyong sarili hanggang sa pinabayaan mo na itong tumahak patungo sa pagkawasak dahil lamang sa kakaunting halaga na kikitain mo?

Maging masigasig ka mahal kong kapatid, na makabilang ka sa mga taong tumutugon sa kautusan ng iyong Panginoon at sa kanya lamang magtiwala at maging kuntento siya sa halal (lahat ng mabuti) kahit pa nga ito ay kakaunti lamang.

Kaya't ingatan mo na ilagay ang sarili mo sa labis na pagmamahal sa kayaman at pera na makalilimutan mo ang Panginoon mo, at makalilimutan mo ang relihiyon mo, at

makalilimutan mo ang patutunguhan mo at kahihinatnan mo, na wawasak sa iyo sa mundong ito at sa kabilang buhay.

Pagtagumpayin nawa ako ni Allah at ikaw sa anumang nais niya at kinalulugdan niya, at na maging kuntento tayo sa mga bagay na ipinahintulot niya at ilayo tayo sa mga bagay na ipinagbawal niya. Tunay na siya ang nangangalaga doon at may kakayahan doon.

As-Salaamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuh.

القاتل البطيء

تجالوج

ردمك ٩-٧-٩٩٦٤-٩٩٦٠-٩٧٨



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسنطاها
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
هاتف: ٤٢٥٠٧٧ (٢٢-٢٢) فاكس: ٤٢٥١٠٠٥ بريد إلكتروني: Sultanah22@hotmail.com

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & FOREIGNERS GUIDANCE AT SULTANAH
Tel: 4240077 Fax: 4251005 P.O.Box: 92675 Riyadh: 11663 K.S.A. E-mail: sultanah22@hotmail.com